Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-20 NG DISYEMBRE, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 207-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA HINDI NAGPAPATIBAY SA APLIKASYON PARA SA SPECIAL USE PERMIT NI G. MARIO ESPADERO GO, PARA SA KANILANG PROYEKTONG ONE-STOREY COMMERCIAL WAREHOUSE SA BARANGAY LIGAS, LUNGSOD NG MALOLOS, BULACAN.**

**AKDA NI: KGG. NOEL G. PINEDA,**
**KAMAY-AKDA: KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
**ITINAGUYOD NI: KGG. EMMANUEL R. SACAY**

**SAPAGKAT,** si G. Mario Espadero Go, ay naghain ng aplikasyon sa Sangguniang Panlungsod na humihiling ng resolusyon na mapahintulutan na makapagtayo ng proyektong *One Storey Commercial Warehouse* na matatagpuan sa Barangay Ligas, Lungsod ng Malolos, Bulacan;

**SAPAGKAT,** ang Special Use Permit (SUP) ay pangunahing rekisito sa pagtatayo ng *warehouse* sa ating lokalidad, ito ay ipinagkakaloob ng Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ng isang pinagtibay na kapasiyahan matapos ang masusing pag-aaral sa aplikasyon batay sa itinatadhana ng *CITY ORDINANCE NO. 67-2020, 'AN ORDINANCE UPDATING AND AMENDING CITY ORDINANCE NO. 07-2013 ALSO KNOWN AS "AN ORDINANCE AMENDING SECTION 4 OF ARTICLE VIII OF THE ZONING CODE OF MALOLOS" TO INCLUDE ADDITIONAL INDUSTRIES COVERED BY THE ISSUANCE OF SPECIAL USE PERMIT (SUP) AND PROVIDING FOR CONDITIONS THEREIN';*

**SAPAGKAT,** nagkaroon na ng serye ng mga pagdinig, upang talakayin at pag-aralan ang mga isinumiteng aplikasyon, kalakip ang mga dokumento, kung ito ba ay sapat upang makapagbigay ng *special use permit;*

**SAPAGKAT,** nagkaroon din ng tagubilin sa mga Pinuno ng Tanggapan na mapag-aralan ang aplikasyon ni G. Mario Espadero Go at kung mayroong nakitang pagtatama ay direktang ipaabot sa aplikante at bigyan ng sipi ang Sangguniang Panlungsod;

**SAPAGKAT,** batay sa naging pag-aaral ng Tanggapan ng Panlungsod na Pagpaplano at Pagpapaunlad ay hindi nakatugon sa hinihiling na rekisito na *Water Waste Sewerage System* na hinihingi ng Seksyon 4 *(Documentary Requirements)* ng *City Ordinance No. 67-2020* at tanging *Septic Vault* lamang ang nakalagay sa paksang plano ng aplikasyon;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** lumalabas din sa pag-aaral na ang aplikante ay hindi nakapagsumite ng *garbage disposal plan,* upang makatalima sa isinasaad ng Seksyon 4 *(Documentary Requirements)* ng *City Ordinance No. 67-2020;*

**SAPAGKAT,** ang aplikante ay maaaring magsumite muli ng aplikasyon sa sandaling makumpleto ang mga kinakailangang rekisito sa paggagawad ng *special use permit;*

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlahat;

**DAHIL DITO,** sa kahilingan ni **Kgg. Emmanuel R. Sacay** na pinangalawahan nina **Kgg. Dennis D. San Diego, Kgg. Alfonso M. Arcega at Kgg. Patrick S. Dela Cruz,** ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, **'NA HINDI IPINAGTITIBAY ANG APLIKASYON PARA SA SPECIAL USE PERMIT NI G. MARIO ESPADERO GO PARA SA KANILANG PROYEKTONG ONE-STOREY COMMERCIAL WAREHOUSE SA BARANGAY LIGAS, LUNGSOD NG MALOLOS, BULACAN'.**

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

****KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

*****KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**NOLIE C. NARCISO**
**Local Legislative Staff Officer III**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
**Abstain
***wala sa panahon na pinagtibay ang Kapasiyahang Panlungsod (via Zoom)
DhorieTrogo(SDC2)*12212021